# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

OFFICE OF THE GOVERNOR
HON. DANIEL R. FERNANDO
Ellaine
16 AUG RECEIVED BY
DATE 12:19 pm TIME

# 601

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
8-16-21
1:05 PM

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 33**
**Serye 2021**

## ATAS NA NAGLALAHAD NG MGA PAMANTAYANG IIRAL SA LUNGSOD NG MALOLOS MULA IKA-16 NG AGOSTO HANGGANG SA IKA-31 NG AGOSTO, 2021, HABANG ANG LUNGSOD AY NASA ILALIM NG MODIFIED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE.

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Resolusyon Blg. 133 – A Serye 2021 na may petsa na 12 Agosto, 2021 ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases, ang Lalawigan ng Bulacan ay isasailalim sa klasipikasyong pangkuwarentinang Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) mula ika-16 ng Agosto haggang sa ika-31 ng Agosto, taong kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991, nararapat na siguraduhin at suportahan ng mga pamahalaang lokal ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mamamayan bilang bahagi ng pangkalahatang kapakanan sa kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**AT SA GAYON, DAHIL DITO, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang mahigpit na pagpapatupad ng mga sumusunod na pamantayan habang ang Lungsod ng Malolos ay nasa ilalim ng MECQ:

**SEKSYON I. PAGLABAS NG BAHAY**. Alinsunod sa Omnibus Guidelines ng IATF na may petsa na 6 Agosto, 2021, ang paglabas ng bahay ng mga indibidwal edad 18 – 65, ay limitado lamang sa pagbili ng mga esensyal na bilihin, o ang pagpunta sa mga establisyimentong may pahintulot na magbukas ngayong MECQ.

Pinananatili ang lahat ng buntis at ang mga may isyung pangkalusugan sa loob ng bahay, liban na lamang kung ang kanilang paglabas ay para sa kanilang kalusugan, paghahanapbuhay, o pagbili ng mga kinakailangan / serbisyo kung sila ay namumuhay na walang kasama sa bahay.

**SEKSYON II. MINIMUM PUBLIC HEALTH STANDARDS.** Mahigpit na tinatagubilinan ang lahat na magsuot ng faceshield at facemask tuwing lalabas ng bahay. Ang lahat ng establisyimento ay nararapat na panatalihin ang physical distancing sa lahat ng oras.

Ang Kapulisan, kasama ng mga barangay tanod, sa pamamagitan ng mga Punong Barangay, ay tinatagubilinang maipatupad sa lugar ng kanilang nasasakupan ang pagtalima sa lahat ng minimum public health standards. Hinihilingan ang Panlungsod na Tagapagpakilos ng Pamahalaang Lokal na maigting na subaybayan ang pagpapatupad nito sa mga pamahalaang barangay.

**SEKSYON III. MGA ESTABLISYIMENTONG WALANG PAHINTULOT NA MAGBUKAS NGAYONG MECQ.** Alinsunod sa Omnibus Guidelines ng IATF, ang mga sumusunod na establisyimento at mga gawain ay **hindi pinapayagan** ngayong MECQ:

1. Entertainment venues, with live performers, at mga sinehan;
2. Recreational venues: internet cafes, billard halls, amusement arcades, bowling alleys, at iba pang katulad;
3. Amusement parks, theme parks, mga perya, at lahat ng kid amusement industries;
4. Lahat ng **outdoor** sport court at venue para sa **contact** sports at scrimmages (labu-labo), mga palaro at kahalintulad na mga gawain;
5. Lahat ng **indoor** sports court at venues para sa **contact at non-contact** sports, fitness studio, gym, spa, o iba pang indoor leisure centers, at mga swimming pool;
6. Casino, karera ng kabayo, sabong, pagbubukas ng sabungan, pagsusugal at tayaan, liban sa pagbebenta ng Lotto, Keno, Scratch-it, at Small Town Lottery Ticket na may pahintulot ng IATF;
7. Make-up salon, medical aesthetic clinic, cosmetic o derma clinic, reflexology, aesthetics, wellness and holistic centers, at iba pang kahalintulad na establisyimento; acupuncture at electrocautery, massage therapy, kasama ang sports therapy, tanning services, body piercing, tattooing at iba pang kalintulad na serbisyo;

   Samantala, **30%** *ng on-site capacity ng mga beauty salon, barbershop, beauty parlor, at nail spa* ang pinapayagan ngayong MECQ.
8. Indoor visitor or tourist attractions, libraries, archives, museum, and galleries, at cultural shows at exhibits;
9. Outdoor tourist attraction;
10. Mga venue para sa Meetings, incentives, conferences, at exhibitions (MICE);
11. Lahat ng social events; at
12. Face to face classroom-type ng driving class, tutorial & review centers, language, dance, acting at voice classes.

**SEKSYON IV. MGA ESTABLISYIMENTO AT GAWAIN NA HANGGANG 50% ON-SITE CAPACITY LAMANG NGAYONG MECQ ALINSUNOD SA DTI ADVISORY NO. 21-16A.**

1. Other Manufacturing Services: Electrical Machinery, wood products, furniture,non-metallic products, textile / wearing products, coke and refined petroleum, computer, electronic at optical products, electrical equipment, paper products, rubber and plastic products, machinery and equipment, motor vehicles, trailers at semi-trailers at iba pang transport equipment;
2. Mga non-essential retail trade at service establishments;
3. Administrative and Office Support;
4. Money exchange, insurance, reinsurance, lending, at non-compulsory funding;
5. Management Consultancy, architecture, engineering, technical testing & analysis services;
6. Scientific and Research development, advertising and market research, computer programming, publishing, at printing;
7. Film, music, at TV production;
8. Photography, fashion, industrial, graphic, and interior design;
9. Wholesale at retail trade ng motor vehicles and motorcycles;
10. Travel agencies;
11. Pet grooming; at
12. Outdoor courts at venues para sa non-contact sports.

**SEKSYON V. PAGKAIN SA MGA DINING ESTABLISHMENTS.** Alinsunod sa Department of Trade and Industry Advisory No. 21-16A, ang mga **dine-in** establishments ay may pahintulot na tumanggap hanggang **10%** lamang ng kanilang on-site capacity. Samantala, **50%** naman ng on-site capacity ang pinahihintulutan para sa **outdoor dine-in** establishments.

**SEKSYON VI. PAGGAWA SA MGA PAMPUBLIKONG TANGGAPAN AT INDUSTRIYA.** Ang mga pinuno ng mga pampublikong tanggapan at industriya sa Lungsod ay binibigyang laya na magpatupad ng bahagdan ng paggawa sa kani-kanilang mga tanggapan.

Para sa mga Tanggapan sa Pamahalaang Lungsod ng Malolos, mananatili ang pagganap sa tungkulin gamit ang skeletal workforce maliban sa mga tukoy na tanggapang gaganap gamit ang 100% workforce alinsunod sa atas na panloob na kasalukuyang umiiral.

**SEKSYON VII. MGA PAGTITIPON NA PINAHIHINTULUTAN.** Tanging mga pagtitipong patungkol sa pagbibigay ng serbisyong pangkulusugan, paghahatid ng serbisyo ng pamahalaan at mga pagkilos para sa sangkatauhan (humanitarian services), na may pahintulot ng kaukulang tanggapan ng pamahalaan, ang pinahihintulutan ngayong MECQ.

Ang mga **pagtitipon upang sumamba (religious gatherings)** ay pinahihintulutan hanggang sa 30% ng venue capacity ng mga bahay-sambahan. Ang lahat ng Simbahan ay tinatagubilinang mahigpit na ipatupad ang kanilang mga isinumiteng mga health protocols. Para

sa mga kapulungang wala pang isinumiteng health protocols sa Tanggapan ng Punong Lungsod, hanggang 10% lamang na kanilang venue capacity ang pinahihintulutan. Maaaring isumite *sa oras ng paggawa* ang mga health protocol na ipatutupad sa bahay-sambahan sa Tanggapan ng Punong Lungsod o sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa mayorbebonggatchalian@gmail.com.

**SEKSYON VIII. PAGBIBIGAY-GALANG SA MGA YUMAO.** Mahigpit na ipinagbabawal ang pagbuburol ng labi ng mga yumao sa sakit na COVID-19. Sakaling ang pamilya ng yumao sa sakit na COVID-19 ay tutol sa pagsunog (cremation) ng mga labi, ang paglilibing ay kinakailangan isagawa sa loob ng 12 oras mula sa oras ng pagyao.

Para sa mga yumao sanhi ng ibang sakit, tanging ang mga miyembro ng immediate family ang maaaring magtungo sa lamay ng yumao. Sa lahat ng oras, hanggang 10 tao lamang o hanggang 10% ng on-site capacity ng silid-burulan ang maaaring magbigay-galang sa yumao.

**SEKSYON IX. SUSPENDIDO ANG LAHAT NG FACE-TO-FACE O IN-PERSON CLASSES.** Alinsunod sa Omnibus IATF Guidelines, ang lahat ng face-to-face o in-person classes ay hindi pihihintulutan ngayong MECQ.

**SEKSYON X. PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON.** Alinsunod sa pamantayan ng *Department of Transportation*, sumusunod ang mga pamantayang dapat sundin ng mga pumapasadang tsuper sa Lungsod:

1. **Tricycle.** Isang Pasahero lamang ang pinahihintulutang isakay sa anumang pagkakataon. Ang pasahero ay hindi maaaring umupo sa likod ng tsuper.
2. **Jeepney.** Hanggang kalahati lamang ng seating capacity ng sasakyan ang pinahihintulutang maging bilang ng pasahero. Kaugnay nito, isang tao lamang ang pinapayagang umupo sa tabi ng tsuper. Hindi pinahihintulutan ang nakasabit o nakatayong pasahero. Mahigpit na iiral ang one-seat apart policy.
3. **UV Express.** Hanggang dalawang tao lamang sa isang hilera ang pinahihintulutang maging pasahero ng mga UV Express. Sa lahat ng panahon, hanggang kalahati lamang ng maximum seating capacity ng UV Express ang maaaring maging lulan ng sasakyan.
4. **Provincial Buses.** Point-to-Point Buses lamang ang pinahihintulutang bumiyahe at tanging mga APOR ang pinahihintulutang maging pasahero ng mga Point-to-Point Buses.

Sa lahat ng pagkakataon, mahigpit na ipatutupad sa mga pampublikong transportasyon ang mga sumusunod:

1. Pagsusuot ng facemask at faceshield;

2. No-talking policy. Bawal mag-usap sa loob ng sasakyan at bawal sumagot ng telepono;
3. Bawal kumain;
4. Pagkakaroon ng sapat na labasan at pasukan ng hangin;
5. Pagsasagawa ng palagiang paglilinis ng loob ng sasakyan; at
6. Bawal sumakay ang sinumang may sintomas ng COVID-19.

**SEKSYON XI. OPERASYON NG MALOLOS PUBLIC MARKET.** Mga Pamantayan:

1. Ang MAPUMA ay bukas mula ika-5 na umaga hanggang ika-3 ng hapon, araw ng Martes hanggang Linggo;

2. Tanging mga naninirahan lamang sa Lungsod ng Malolos ang maaaring makapasok sa Malolos Public Market (MAPUMA) upang makapamili;

3. No ID/No Proof of Residency – No Entry. Para sa tamang pagkakakilanlan at patunay ng Barangay na kinabibilangan, maaaring gamitin ang anumang valid ID na may address, lumang quarantine pass o sedula;

4. Para sa mga *may-ari o kinatawan ng mga carinderia, sari-sari store, grocery, general merchandise, restaurants, at mga kahalintulad na establisyimento,* na maaaring makapasok *mula Martes hanggang Linggo* sa MAPUMA, kinakailangang dalhin ang original o certified true copy ng Barangay Business Permit, o Business Permit, o DTI Permit ng establisyimentong matatagpuan sa Lungsod ng Malolos;

5. Mahigpit na ipatutupad ang Clustering ng mga Barangay:

| **ARAW NG PALENGKE: MARTES AT BIYERNES** | |
|---|---|
| Cluster 2 | Cluster 6 |
| 1. Babatnin | 1. Anilao |
| 2. Bagna | 2. Bangkal |
| 3. Barihan | 3. Calero |
| 4. Bulihan | 4. Canalate |
| 5. Bungahan | 5. Dakila |
| 6. Matimbo | 6. Mabolo |
| 7. Santiago | 7. Santor |
| 8. Santisima Trinidad | 8. Taal |

| ARAW NG PALENGKE: MIYERKULES AT SABADO | |
|---|---|
| Cluster 1 | Cluster 3 |
| 1. Balite<br>2. Bagong Bayan<br>3. Caniogan<br>4. Guinhawa<br>5. Ligas<br>6. Look 2nd<br>7. Niugan<br>8. Pamarawan<br>9. Sto. Cristo | 1. Balayong<br>2. Liang<br>3. Longos<br>4. Lugam<br>5. Namayan<br>6. San Juan<br>7. Sto. Nino<br>8. San Pablo<br>9. San Vicente |
| **ARAW NG PALENGKE: HUWEBES AT LINGGO** | |
| Cluster 4 | Cluster 5 |
| 1. Caingin<br>2. Catmon<br>3. Cofradia<br>4. Look 1st<br>5. Masile<br>6. San Agustin<br>7. Sto. Rosario<br>8. Sumapang Matanda | 1. Atlag<br>2. Caliligawan<br>3. Mambog<br>4. Mojon<br>5. Panasahan<br>6. Pinagbakahan<br>7. San Gabriel<br>8. Sumapang Bata<br>9. Tikay |

**SEKSYON XII. CURFEW.** Ipatutupad ang curfew hours mula ika-walo ng gabi (8PM) hanggang ika-5 ng umaga (5AM).

**SEKSYON XIII. BAWAL UMINOM NG ALAK.** Pansamantalang ipinagbabawal ang pagkonsumo ng anumang inuming nakalalasing sa Lungsod ng Malolos. Inaatasan ang Kapulisan na pangunahan ang mga bumubuo ng Bantay Covid-19 Special Team sa pag-ikot sa Lungsod upang masiguro ang mahigpit na pagpapatupad nito.

**SEKSYON XIV. MALING IMPORMASYON PATUNGKOL SA PAGBABAKUNA.** Tungo sa pagpapanatili ng kaayusan, at ng kaligtasan ng mga binabakunahan, at alinsunod sa mga umiiral na batas, ang Panlungsod na Tanggapan ng Impormasyon at ang Tanggapan ng Panlungsod na Manananggol ay inaatasang magsagawa ng kaukulang imbestigasyon, at magsampa ng kaukulang kasong kriminal, sibil, o administratibo, laban sa sinumang mapatutunayang nagpakalat ng maling impormasyon, sa pamamagitan ng anumang paraan, ukol sa pagbabakuna ng mga kinatawan ng Pamahalaang Lungsod laban sa COVID-19.

**SEKSYON XV. MAHIGPIT NA PAGTALIMA.** Ang Bantay COVID-19 Special Team na binubuo ng mga kawani at kinatawan ng *City Health Office, City Disaster Risk Reduction and Management Office, City Administrator's Office, City Information Office, Business Permit and Licensing Division, Philippine National Police*, at *Bureau of Fire Protection*, ay patuloy na inaatasang makipagtulungan sa Tanggapan ng mga Punong Barangay tungo sa mahigpit na pagpapatupad ng *Minimum Public Health Standards*, at ng mga nilalaman ng Atas na ito, at iba pang kaugnay na batas at alituntuning inilathala o ilalathala ng Pamahalaang Nasyunal patungkol sa *Community Quarantine*.

**SEKSYON XVI. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, ang mga nalalabing bahagi ng atas na ito ay mananatiling may bisa.

**SEKSYON XVII. SUGNAY NG PAGBUBUKLOD.** Anumang batas, atas, ordinansa, o regulasyong ipatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan at Pamahalaang Nasyunal kaugnay sa umiiral na klasipikasyong pangkuwarentina ay ginagawang bahagi ng Atas na ito.

**SEKSYON XVIII. KABISAAN.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay binibigyang kabisaan mula sa araw ng pagkalagda.

Nilagdaan ngayong ika-14 ng Agosto, 2021. Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

**KGG. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod